JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Eksaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalamposon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 5

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 6
## Uri ng Pangungusap, Gamitin!
## Dayagram, Tsart at Mapa, Alamin!



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Esperanza C. Toledo, Sheryl Grace E. Calipusan
**Editor:** Sheryl Grace E. Calipusan
**Tagasuri:** Elisa M. Sugue, Minerva A. Lumanta, Charlemagne R. Rabacal
**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapagpamahala:**
SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
ASDS Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE
EPS Josephine L. Tomboc, EdD



# Alamin

Magandang araw sa iyo!

Alam kong handang-handa ka nang magbasa ng iyong modyul.

Sa araling ito, tutulungan kitang gamitin ang mga uri ng pangungusap sa pagkilatis ng isang produkto. Pag-aaralan din natin ang mga impormasyong nakapaloob sa isang dayagram, tsart at mapa.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nagagamit ang iba't ibang uri ng pangungusap sa pagkilatis ng isang produkto. **(F5WG-IVd-13.3)**
- Nakapagtatanong tungkol sa impormasyong inilahad sa isang dayagram, tsart, at mapa. **(F5PB-IV-j-20)**


Halika na! Simulan na natin ang isang maligayang paglalakbay sa mundo ng kaalaman!



# Balikan

Narito ang isang pagbabalik-tanaw sa nakaraang leksiyon.

Basahin ang *chat* o usapan sa larawan.




Hanapin ang iba't-ibang uri ng pangungusap mula sa *chat box* at isulat ito sa inilaan na patlang sa bawat aytem.

Pasalaysay: 1. ______________________________________________

Patanong: 2. ______________________________________________

Pautos/Pakiusap: 3. ______________________________________________

Padamdam: 4. ______________________________________________



# Tuklasin

A. Tingnan ang larawan at basahin ang talata na nakapaloob sa kahon.




*(Ang imaheng ito ay kinuha mula sa https://google.com/search?q=gallons+of+rubbing+alcohol+drawing )*

| |
|---|
| Sa panahon ng pandemya, ang produktong alkohol ay isa sa naging pangunahing pangangailangan ng mga tao. Maraming mamimili ang lubusang nabahala dahil sa mabilis na pagkaubos nito sa mga pamilihan. <br><br> Ginagamit ang alkohol sa paglilinis at pagdisimpekta ng mga ospital, kabahayan, at maging sa katawan ng tao upang maiwasan ang pagkalat ng *Corona Virus* o *COVID-19*. <br><br> Ang alkohol ay kailangan din ng mga *frontliners*, mga pampubliko at pribadong establisimento, sa trabaho, maging sa pagpasok sa *mall*, sa opisina, at sasakyan. <br><br> Hanggang sa ngayon, dapat isaalang-alang ng bawat isa ang pagiging maingat upang maging ligtas sa sakit kaya naman pinapayo ang patuloy na paggamit ng produktong ito. |

Sagutin ang sumusunod na tanong:

1. Anong produkto ang isa sa naging pangunahing pangangailangan ng mga tao sa panahon ng pandemya?

   Sagot : ______________________________________________

2. Saan maaaring gamitin ang produktong pinag-usapan sa talata?

   Sagot : ______________________________________________

3. Bakit naging pangunahing pangangailangan ang alkohol?

   Sagot : ____________________________________________

4. Gaano ito kahalaga sa panahon ngayong may pandemya?

   Sagot : ____________________________________________

5. Sa iyong palagay, ano ang dapat gawin upang maiwasang mahawa sa sakit na *Corona Virus* o *COVID-19*?

   Sagot : ____________________________________________

6. Sa pagsagot mo sa mga unang tanong, anong uri ng pangungusap ang iyong ginamit?

   Sagot : ____________________________________________

Magsipi ng dalawang pangungusap na pasalaysay mula sa talata.

a. ____________________________________________

b. ____________________________________________

Magaling! Sa pagkilatis ng isang produkto, kailangan mong alamin ang kahalagahan at kabutihang dulot nito sa iyo.

Ngayon ay alam mo na ang magandang naidulot ng produktong Alkohol. Subukan mo namang punan ng mga salita ang kasunod na dyalogo.

Kaya mo 'yan!

B. Piliin sa loob ng kahon ang iyong sagot.

| | | |
|---|---|---|
| Naku! | lagyan | Pakikuha |
| Saan | kabinet | |

Kuya, _________ mo inilagay ang alkohol?

Nandoon sa ibabaw ng _________ .

_________ naman kuya at lagyan mo ang aking mga kamay.

_________ May ginagawa pa ako Lisa! Ikaw na ang kumuha.

Mula sa dyalogo na nabuo, hanapin ang pangungusap na pasalaysay, patanong, pautos at padamdam.

Pasalaysay: ________________________________________


Patanong: ________________________________________

Pautos: ________________________________________

Padamdam: ________________________________________

Mahusay ka! Sa puntong ito, tingnan naman natin ang galing mo sa *Pie Chart.*

Pag-aralan ang Pie Chart.




Suriin nang mabuti ang tsart.

Gumawa ng mga **<u>tanong</u>** mula dito.

Ang unang bilang ay nagsisilbing halimbawa para sa iyo.

**Mga Tanong:**

1. Ilang bahagdan ang nilalaan ng pamilya para sa pagkain?
2. ________________________________________
3. ________________________________________

Napakagaling! Palawakin ang iyong kaalaman sa bahaging ito.



# Suriin

1. Ano ang iba't-ibang uri ng Pangungusap?

**Tandaan:**

- Ang iba't ibang uri ng pangungusap ay pasalaysay, patanong, pautos, pakiusap at padamdam.
- Ang pangungusap na pasalaysay ay nagsasalaysay. Ito ay nagtatapos sa tuldok (.). Halimbawa: Ang prutas ay nagtataglay ng bitamina.
- Ang pangungusap na patanong ay nagtatanong. Ito ay karaniwang nagtatapos sa tandang pananong (?). Halimbawa: Saan mo binili ang iyong *face mask*?
- Ang pangungusap na pautos o pakiusapap ay nag-uutos o nakikiusap. Parating may kasamang mga salitang *paki* o *kung maaari* ang nakikiusap. Ang pangungusap na pautos o pakiusap ay parehong nagtatapos sa tuldok (.). Halimbawa:
  Pautos: Puntahan mo si Jun dahil siya ay may sakit.
  Pakiusap: Pakidala nitong gamot doon sa ospital.
- Ang pangungusap na padamdam ay nagpapahayag ng matinding damdamin gaya ng tuwa, lungkot, pagkagulat, paghanga, panghihinayang at iba pa. Halimbawa: Wow! Ang ganda naman ng damit mo.

2. Paano mo kikilatisin ang isang Produkto?

Sa pagkilatis ng isang produkto, kailangan mong alamin ang kahalagahan at kabutihang dulot nito sa iyo.

Mahalagang suriin ang produkto kung ito ay maayos o may mataas na uri. Ang kalidad at katangian ng isang produkto ay nararapat isaalang-alang ng mamimili upang mapakinabangan ito ng mabuti.

3. Ang dayagram, tsart, at mapa ay grapikong paglalahad ng mga mahahalagang impormasyong nais bigyan ng diin.



# Pagyamanin

Napakahusay mo! Marami pang kaalaman ang naghihintay para sa iyo. Ipagpatuloy mo pa ang pagkatuto. Kayang-kaya mo ito!


**Gawain A.**

Bumuo ng pangungusap ayon sa hinihinging gamit sa bawat bilang kaugnay ng kaisipan sa kahon.

| |
|---|
| Ang paghuhugas ng kamay gamit ang **sabon** ay kailangan upang sakit ay maiwasan. |

Pasalaysay: 1. ______________________________________________
Pautos: 2. ______________________________________________
Pakiusap: 3. ______________________________________________
Patanong: 4. ______________________________________________
Padamdam: 5. ______________________________________________

**Gawain B.**
Tingnang mabuti ang *Venn Diagram*.





Sa pagkilatis ng mga produkto gaya ng mga prutas o pagkain, dapat mong isaalang-alang ang mga katangian nito upang masiguro na sariwa at ito ay may mataas na uri.

Ngayon, narito ang iyong pagsubok. Gumawa ka ng mga **tanong** tungkol sa dayagram. Ang unang pangungusap ay magsisilbing halimbawa para sa iyo.

**Mga Tanong**:

1. Anu-ano ang kaibahan ng mansanas at mangga?
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________

**Gawain C.**
Unawain mo ang guhit sa Mapa




Basahin nang tahimik ang mga produkto na makikita sa mapa.

Bumuo ka ng mga **tanong** tungkol sa impormasyong inilalahad sa mapa.

1. ______________________________________
2. ______________________________________
3. ______________________________________



# Isaisip

Ang mahalagang kaalaman na dapat tandaan sa pagpapatuloy ng modyul na ito ay:

- Ang iba't ibang uri ng pangungusap ay pasalaysay, patanong, pautos, pakiusap at padamdam.
- Sa pagkilatis ng isang produkto, kailangan mong alamin ang kahalagahan at kabutihang dulot nito sa iyo.
- Mahalagang suriin ang produkto kung ito ay maayos o may mataas na uri. Ang kalidad at katangian ng isang produkto ay nararapat isaalang-alang ng mamimili upang mapakinabangan ito ng mabuti.
- Sa pagkilatis ng mga produkto gaya ng mga prutas o pagkain, dapat mong tingnan ang mga katangian nito upang masiguro na ito ay sariwa at makakabuti para sa kalusugan ng katawan.
- Ang **dayagram** ay guhit na nagpapahiwatig ng pagkakabuklod o pagkakaiba ng mga impormasyon.
- Ang **tsart** ay isang grapikal na representasyon ng datos kung saan kinakatawan ng mga simbolo tulad ng mga bar, o mga linya, o hiwa sa isang *pie* tsart. Ito ay maaari ding kumakatawan sa datos ng mga numero na nagbibigay ng iba't-ibang impormasyon. *(Ang kahulugang ito ay kinuha mura sa https://tl.m.wilipedia.org)*
- Ang **mapa** ay paglalarawan gamit ang mga simbolo at pinapahiwatig ang kaugnayan ng bawat bagay, rehiyon o lugar. Makikita rito ang mga pangunahing direksiyon tulad ng Hilaga, Silangan, Timog at Kanluran. Ang pangalwang direksiyon naman ay ang mga Hilagang-Silangan, Timog-Silangan, Hilagang-Kanluran, at Timog-Kanluran.



# Tayahin

A. Piliin ang angkop na pangungusap na nararapat gamitin sa pagkilatis ng produkto sa bawat bilang.

1. Bigas
   A. Magkano ang bawat piraso nito?
   B. Mainam ito kapag maitim at pino.
   C. Tingnan mo ang tibay nito.
   D. Wow! Ang sarap nitong lutuin.


2. *Face Mask*
    A. Ito ay isinusuot sa kamay.
    B. Makapal ba ang uri nito?
    C. Naku! Ang pangit ng lasa.
    D. Pakitimbang nito ng isang kilo.
3. Kompyuter
    A. Aray! Matalim pala ang gilid nito.
    B. Ito ay magagamit sa pag-aaral.
    C. Pakitingnan kung sariwa ba iyan.
    D. Pumapatay ba ito ng mikrobiyo?

B. Ibigay ang hinahanap sa bawat bilang.
    1. **Dayagram**




Alin ang **hindi** makikita sa impormasyong inilahad sa dayagram?
   A. Ano ang pangalan ng Tatay ni Totoy?
   B. Ilan ang apo nina Lolo Berting at Lola Linda?
   C. Ilang taong gulang na si Nanay Elsa?
   D. Mayroon bang kapatid si Ana?

2. **Mapa**




Ang sumusunod ay nagtataglay ng mga impormasyong inilahad sa mapa **maliban sa isa**. Alin sa mga ito ang iyong sagot?
   A. Anong produkto ang tinuturo sa Hilaga?
   B. Ilang produkto ang makikita sa mapa?

C. Mayroon bang pagkain na nabanggit?
D. Saang direksiyon makikita ang sapatos?

Gumawa ng **<u>isang tanong</u>** tungkol sa impormasyong inilahad sa mapa.
Tanong: ___________________________________________

C. Bumuo ng iba't-ibang uri ng pangungusap sa pagkilatis ng produktong inilahad sa kahon.

| **Gulay** |
|---|

Pasalaysay: 1.__________________________
Pautos: 2. _____________________________________
Patanong: 3. _____________________________________
Padamdam: 4. _____________________________________

Bilib na talaga ako sa iyo! Hindi na maikakaila ang iyong angking galing sa paggamit ng iba't-ibang uri ng pangungusap sa pagkilatis ng isang produkto at nagawa mo rin ang mga tanong tungkol sa impormasyong inilahad sa isang dayagram, tsart, at mapa.

Maaari mong iwasto ang iyong mga kasagutan sa **pahina 11** Susi ng Pagwawasto.

Upang higit pang mahasa ang paggamit mo ng iba't-ibang uri ng pangungusap, narito pa ang ilang karagdagang gawain.

# Karagdagang Gawain

Magtala ng limang (5) produkto na nakatutulong upang maiwasan ang paglaganap ng sakit na *Corona Virus*. Gamitin ito sa pangungusap na pasalaysay, patanong, pautos, pakiusap, at padamdam.

| Produkto | Pangungusap: |
|---|---|
| 1. | Pasalaysay: ________________________ |
| 2. | Patanong: _________________________ |
| 3. | Pautos: ___________________________ |
| 4. | Pakiusap: _________________________ |
| 5. | Padamdam: ________________________ |

Binabati kita! Natapos mo na ang iyong modyul. Huwag mong kalilimutan ang mga aral na napulot mo sa leksiyong ito.
Lagi mong tandaan na ang pagkakaroon ng kaalaman ay susi ng tagumpay kaya ipagpatuloy mo ang magandang nasimulan.
Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

# Susi sa Pagwawasto

**BALIKAN:**

1. Pasalaysay : Tumitingin po ako ng palabas sa telebisyon. o Oo anak, binili ko na ang paborito mong tinapay.
2. Patanong: Ano ang ginagawa mo ngayon?
3. Pautos/Pakiusa Anak, pakilinis ng ating silid-tulugan dahil pauwi na ako.
4. Padamdam: Yehey! Mabuti nalang pauwi ka na Inay!

**TUKLASIN:**

A. Guro ang magwawasto.
B. Saan, kabinet, Pakikuha, Naku!
Pasalaysay: Nandoon sa ibabaw ng cabinet.
Patanong: Kuya, saan mo inilagay ang alkohol?
Pautos/Pakiusap: Pakikuha naman kuya at lagyan mo ang aking mga kamay.
Padamdam: Naku! May ginagawa pa ako Lisa! Ikaw na ang kumuha.

PAGYAMANIN:
Guro ang magwawasto.

**TAYAHIN:**

**A.**
1. D
2. B
3. B

B. 1. C
2. C
3. (Magkakaiba ang sagot ng mag-aaral.)

C. Guro ang magwawasto.

Karagdagang Gawain:
Guro ang magwawasto.

# Sanggunian


"Gallons of rubbing alcohol." Accessed December 2020. https://www.google.com/search?q=gallons+of+rubbing+alcohol+drawing&tbm=isch&ved=2ahUKEwjY88q0zLvtAhUQA6YKHXekDFsQ2-cCegQIABAC&oq=gallons+of+rubbing+alcohol+drawing&gs_lcp=ChJtb2JpbGUtZ3dzLXdpei1pbWcQA1D6BFjnHmC1JWgAcAB4AYABpAqIAYk-kgEJNC0zLjQuMi4ymAEAoAEBwAEB&sclient=mobile-gws-wiz-img&ei=OPvNX9j3HZCGmAX3yLLYBQ&bih=560&biw=360&client=ms-android-samsung&hl=en#imgrc=Mcl5JnrnQppxkM.

Department of Education. *Filipino 5 teacher's guide*. Philippines: Department of Education, 2016.

Department of Education. *Most essential learning competencies Filipino 5*. Philippines: Department of Education, 2020.

Wikipedia. "Map." Accessed December 2020. https://tl.m.wikipedia.org/wiki/Mapa.